Name ________________________________ Class ______________ Date _______________

# Ang Mahalagang Tanong
# Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Pinag-uusapan sa Yunit 1 ang Mahalagang Tanong: Paano nagiging isang bayani ang isang tao? Maaaring maraming sagot sa tanong na ito dahil ang mga katangian ng isang bayani ay maaaring mag-iba-iba para sa bawat tao. Bago mo simulang isipin ang iyong mga sariling sagot sa tanong na ito, alamin muna kung ano ang iniisip ng isang magulang o ibang taong nakatatanda. Pumili ng isa sa mga gawain sa ibabâ na tatapusin sa tahanan.

**GAWAIN:** Magpakilala ng isang Bayani

Hilingin ang isang magulang o ibang taong nakatatanda na pumili ng isang personal na bayani at talakayin kung bakit magiting ang taong iyon. Gamitin ang Internet at iba pang mapagkukunan ng impormasyon para sa karagdagang impormasyon tungkol sa taong iyon. Sa iba pang papel, magsulat ng parapo na naglalarawan kung ano ang ginawa ng taong iyon at ang mga katangian nila na nagpapakita na sila ay magiting.

**GAWAIN:** Ang Aking Bayani

Kausapin ang isang magulang o ibang taong nakatatanda na nasa iyong tahanan tungkol sa Mahalagang Tanong: Paano nagiging isang bayani ang isang tao? Tanungin ang mga sumusunod, at isulat ang mga sagot ng taong nakatatanda sa nakalaang lugar.

1. Sino ang isa sa iyong mga bayani?______________________________
2. Ano ang mga magiting na katangian ng taong ito? _________
   ____________________________________________________________
3. Bakit mahalaga para sa iyo ang mga katangiang ito?________
   ____________________________________________________________

**GAWAIN:** Ang Aking Bayani Ay...

Hilingin ang isang magulang o ibang taong nakatatanda na pag-isipan ang isang personal na bayani. Pasulatin ang taong ito ng tatlong adjective o pang-uri na naglalarawan sa bayani at pag-usapan kung bakit niya pinili ang mga salitang ito. Isulat ang tatlong adjective sa kaliwang hanay ng chart sa ibabâ. Pagkatapos ay magsulat ng isang pangungusap tungkol sa salita at kung paano ito umaaplay sa pagiging isang bayani.

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.